

PIVOT^{4A} LEARNER'S MATERIAL

GRADE 8 ARALING PANLIPUNAN



QUARTER 4

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na hindi maaaring magkaroon ng karapatang-ari sa anumang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayumpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitahan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anumang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anumang bahagi ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anumang paraan nang walang pahintulot ng Kagawaran.

Ang modyul na ito ay masusing sinuri at nirebisa ayon sa pamantayan ng DepEd Regional Office 4A at ng Curriculum and Learning Management Division CALABARZON. Ang bawat bahagi ay tiniyak na walang nilabag sa mga panuntunan na isinasaad ng Intellectual Property Rights (IPR) para sa karapatang pampagkatuto.

Mga Tagasuri

PIVOT 4A Learner's Material
Ikaapat na Markahan
Unang Edisyon, 2022

Araling Panlipunan

Ikawalong Baitang

Job S. Zape, Jr.
PIVOT 4A Instructional Design & Development Lead

Genre G. Augusto
Content Creator & Writer

Jean L. Danga
Content Reviewer

Ricardo P. Makabenta
Language Reviewer

Emelia P. Crescini
Internal Reviewer & Editor

Mark Joseph O. Torres & Romdel F. Partoza
Layout Artist & Illustrator

Jhucel A. del Rosario & Melanie Mae N. Moreno
Graphic Artist & Cover Designer

Inilathala ng: Kagawaran ng Edukasyon Rehiyon 4A CALABARZON
Patnugot: **Francis Cesar B. Bringas**

Gabay sa Paggamit ng PIVOT 4A Learner's Material

Para sa Tagapagpadaloy

Ang modyul na ito ay inihanda upang makatulong sa ating mga mag-aaral na madaling matutuhan ang mga aralin sa asignaturang **Araling Panlipunan**. Ang mga bahaging nakapaloob dito ay sinegurong naaayon sa mga ibinigay na layunin.

Hinihiling ang iyong paggabay sa ating mga mag-aaral para sa paggamit nito. Malaki ang iyong maitutulong sa pag-unlad nila sa pagpapakita ng kakayahang magtiwala sa sarili na kanilang magiging gabay sa sumusunod na mga aralin.

Salamat sa iyo!

Para sa Mag-aaral

Ang modyul na ito ay ginawa bilang sagot sa iyong pangangailangan. Layunin nitong matulungan ka sa iyong pag-aaral habang wala ka sa loob ng silid-aralan. Hangad din nitong mabigyan ka ng mga makabuluhang oportunidad sa pagkatuto.

Ang sumusunod ay mahahalagang paalala sa paggamit ng modyul na ito:

1. Gamitin ang modyul nang may pag-iingat. Huwag lalagyan ng anumang marka o sulat ang anumang bahagi nito. Gumamit ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga gawain sa pagkatuto.
2. Basahing mabuti ang mga panuto bago gawin ang bawat gawain.
3. Maging tapat sa pagsasagawa ng mga gawain at sa pagwawasto ng mga kasagutan.
4. Tapusin ang kasalukuyang gawain bago pumunta sa iba pang pagsasanay.
5. Punan ang **PIVOT Assessment Card for Learners** sa pahina 38 sa pamamagitan ng akmang simbolo sa iyong Lebel ng Performans pagkatapos ng bawat gawain.
6. Pakibalik ang modyul na ito sa iyong guro o tagapagpadaloy kung tapos nang sagutin ang lahat ng pagsasanay.

Kung sakaling ikaw ay mahirapang sagutin ang mga gawain sa modyul na ito, huwag mag-aalinlangang konsultahin ang iyong guro o tagapagpadaloy. Maaari ka ring humingi ng tulong sa iyong magulang o tagapag-alaga, o sinumang mga kasama sa bahay na mas nakatatanda sa iyo. Laging itanim sa iyong isipang hindi ka nag-iisa.

Umaasa kami na sa pamamagitan ng modyul na ito, makararanas ka ng makahulugang pagkatuto at makakukuha ka ng malalim na pang-unawa. Kaya mo ito!

Mga Bahagi ng PIVOT 4A Modyul

	K to 12 Learning Delivery Process	Nilalaman
Panimula (Introduction)	Alamin	Ang bahaging ito ay naglalahad ng MELC at ninanais na resulta ng pagkatuto para sa araw o linggo, layunin ng aralin, pangunahing nilalaman at mga kaugnay na halimbawa para makita ng mag-aaral ang sariling kaalaman tungkol sa nilalaman at kasanayang kailangan para sa aralin.
	Suriin	
Pagpapaunlad (Development)	Subukin	Ang bahaging ito ay nagtataglay ng mga aktibidad, gawain at nilalaman na mahalaga at kawili-wili sa mag-aaral. Ang karamihan sa mga gawain ay umiinog sa mga konseptong magpapaunlad at magpapahusay ng mga kasanayan sa MELC. Layunin nito na makita o matukoy ng mag-aaral ang alam niya, hindi pa niya alam at ano pa ang gusto niyang malaman at matutuhan.
	Tuklasin	
	Pagyamanin	
Pakikipagpalihan (Engagement)	Isagawa	Ang bahaging ito ay nagbibigay ng pagkakataon sa mag-aaral na makisali sa iba't ibang gawain at oportunidad sa pagbuo ng kanilang mga Knowledge Skills, at Attitudes (KSA) upang makahulugang mapag-ugnay-ugnay ang kaniyang mga natutuhan pagkatapos ng mga gawain sa Pagpapaunlad o D. Inilalantad ng bahaging ito sa mag-aaral ang totoong sitwasyon/gawain sa buhay na magpapasidhi ng kaniyang interes upang matugunan ang inaasahan, gawing kasiya-siya ang kaniyang pagganap o lumikha ng isang produkto o gawain upang ganap niyang maunawaan ang mga kasanayan at konsepto.
	Linangin	
	Ilangkop	
Paglalatap (Assimilation)	Isaisip	Ang bahaging ito ay maghahatid sa mag-aaral sa proseso ng pagpapakita ng mga idea, interpretasyon, pananaw, o pagpapahalaga upang makalikha ng mga piraso ng impormasyon na magiging bahagi ng kaniyang kaalaman sa pagbibigay ng epektibong repleksiyon, pag-uugnay, o paggamit sa alinmang sitwasyon o konteksto. Hinihikayat ng bahaging ito ang mag-aaral na lumikha ng mga estrukturang konseptuwal na magbibigay sa kaniya ng pagkakataong pagsama-samahin ang mga bago at dating natutuhan.
	Tayahin	

Ang modyul na ito ay nagtataglay ng mga pangunahing impormasyon at gabay sa pag-unawa ng mga Most Essential Learning Competencies (MELCs). Ang higit na pag-aaral ng mga nilalaman, konsepto at mga kasanayan ay maisasakatuparan sa tulong ng K to 12 Learning Materials at iba pang karagdagang kagamitan tulad ng Worktext at Textbook na ipagkakaloob ng mga paaralan at/o mga Sangay ng Kagawaran ng Edukasyon. Magagamit din ang iba pang mga paraan ng paghahatid ng kaalaman tulad ng Radio-based at TV-based Instructions o RBI at TVI.

Ang mga Epekto ng Unang Digmaang Pandaigdig

Aralin

I

Sa nakalipas na aralin, natutuhan mo ang pagsibol ng nasyonalismo at iba't ibang bahagi ng daigdig at ang mga pamamaraan kung paano naipahayag ang pagpapahalaga dito.

Sa araling ito ay malalaman mo ang mga dahilan at pangyayari na nagbigay-daan sa Unang Digmaang Pandaigdig, gayundin ang matinding epekto nito na nag-iwan nang malalim na sugat at aral sa kasaysayan ng sangkatauhan.

Ang Unang Digmaang Pandaigdig ay tinawag na The Great War dahil ito ang kauna-unahang malawakang digmaan na nagpabago sa takbo ng kasaysayan ng daigdig na nagsimula noong 1914 hanggang 1918.

Mga Sanhi ng Unang Digmaang Pandaigdig

1. **Nasyonalismo**- ang damdaming nasyonalismo ay nagbunsod ng pagnanasa ng mga tao upang maging malaya ang kanilang bansa. May mga bansang masidhi ang paniniwala na karapatan nilang pangalagaan ang mga kalahi nila kahit nasa ilalim ng kapangyarihan ng ibang bansa.
2. **Imperyalismo**- isa itong paraan ng pag-angkin ng mga kolonya at pagpapalawak ng pambansang kapangyarihan at pag-unlad ng mga bansang nasa Europe. Ang pag-uunahan ng mga makapangyarihang bansa na sumakop ng mga lupain at magkaroon ng kontrol sa pinagkukunang-yaman at kalakal ng Africa at Asia ay lumikha ng samaan ng loob at alitan ng mga bansa.
3. **Militarismo**- upang mapangalagaan ang kani-kanilang teritoryo, kinakailangan ng mga bansa sa Europe ang mahuhusay at malalaking hukbong sandatahan sa lupa at karagatan, at ang pagpaparami ng armas.
4. **Pagbuo ng mga Alyansa**- Dahil sa inggitan, hinala, at lihim na pangamba ng mga bansang makapangyarihan, dalawang magkasalungat na alyansa ang nabuo, ang **Triple Entente** at **Triple Alliance**.

Ang Pagsisimula at Pangyayari sa Unang Digmaang Pandaigdig

Ang krisis na naganap sa Bosnia noong 1914 ang naghudyat sa pagsisimula ng Unang Digmaang Pandaigdig. Noong Hunyo 28, 1914, pinatay si **Archduke Franz Ferdinand** at ang asawang si Sophie ni Gavrilo Princip habang sila ay naglilibot sa Bosnia na noon ay sakop ng Imperyong Austria-Hungary.

1. Ang Digmaan sa Kanluran- dito naganap ang pinakamainit na labanan noong Unang Digmaang Pandaigdig
2. Ang Digmaan sa Silangan- lumusob ang Russia sa Prussia (Germany) sa pangunguna ni **Grand Duke Nicholas**
3. Ang Digmaan sa Balkan- lumusob ang Austria at tinalo ang Serbia pagkaraan ng ilang buwan. Noong 1916, karamihan sa mga estado ng Balkan ay napasailalim ng Central Powers. Ang Italy naman ay tumiwalag sa Triple Alliance at nanatiling neutral.
4. Ang Digmaan sa Karagatan- sa unang bahagi ng digmaan ay nagkasubukan ang mga hukbong pandagat ng Germany at Great Britain. Naitaboy ng mga barkong pandigma ng Germany mula sa Pitong dagat (Seven Seas) ang lakas pandagat ng Great Britain.

Mga Naging Bunga ng Unang Digmaang Pandaigdig

Matinding pinsala ang naidulot ng Unang Digmaang Pandaigdig sa buhay at ari-arian. Tinatayang umabot ng 8 500 000 katao ang namatay sa labanan. Nasa 22 000 000 naman ang tinatayang nasugatan. Samantalang 18 000 000 ang sibilyang namatay sa gutom, sakit, at paghihirap. Napakaraming ari-arian ang nawasak at naantala ang kalakalan, pagsasaka, at iba pang gawaing pangkabuhayan. Ang nagastos sa digmaan ay tinatayang umabot sa 200 bilyong dolyar.

Mga Kasunduang Pangkapayapaan

Umisip ng paraan ang mga nanalong bansa upang maiwasan ang digmaan na pinaniniwalaan nilang salot sa kapayapaan. Bumalangkas sila ng kasunduang pangkapayapaan sa Paris noong 1919-1920. Ang pagpupulong na ito ay pinangunahan ng mga pinuno na tinawag na **Big Four**. Ang pangunahing nilalaman ng mga kasunduan ay ibinatay sa Labing-Apat na Puntos (Fourteen Points) ni Pangulong Woodrow Wilson.

Ang Labing-Apat na Puntos ni Pangulong Wilson

Binalangkas ni Pangulong Wilson noong Enero 1918 ang labing-apat na puntos na naglalaman ng mga layunin ng United States sa pakikidigma. Naglalaman din ito ng kaniyang mga ideya tungkol sa isang “kapayapaang walang talunan” para sa kapakinabangan ng lahat ng bansa.

Ang Liga ng mga Bansa


Ang pagkakaroon ng isang pandaigdigang samahan ng mga bansa ay matagal nang pangarap ni Pangulong Wilson. Sa wakas, nagtagumpay siya sa panghihikayat sa mga pinuno ng mga bansang alyado, naitatag at sumapi sa Liga ng mga Bansa.

Mga Lihim na Kasunduan Lingid sa Kaalaman ni Pangulong Wilson

Lingid sa kaalaman ng Great Britain, France, at iba pang bansa, ang ibang miyembro ng Alyado ay gumawa ng kasunduan. Nagdesisyon silang hatiin ang kolonya at teritoryo ng Central Powers. Halimbawa, pinangakuan ang Italy ng teritoryong hindi naman nito sakop. Ang Turkey naman ay maaaring paghati-hatian ng ibang maiimpluwensiyang bansa.

D


Gawain sa Pagkatuto Bilang 1: Punan ng impormasyon ang Facts Storming Web sa ibaba. Isulat ang sagot sa iyong sagutang papel.



Gawain sa Pagkatuto Bilang 2. Punan ng mahalagang impormasyon ang tsart na nasa ibaba. Isulat ang mga katangian nito at kung ano ang naging epekto sa sangkatauhan. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

Mahalagang Pangyayari	Katangian/ Pangyayari	Epekto
a. Sanhi ng Unang Digmaang Pandaigdig		
1. Nasyonalismo		
2. Imperyalismo		
3. Militarismo		
4. Pagbuo ng mga Alyansa		
b. Pagsisimula at Pangyayari sa Unang Digmaang Pandaigdig		
1. Digmaan sa Kanluran		
2. Digmaan sa Silangan		
3. Digmaan sa Balkan		
4. Digmaan sa Karagatan		
c. Mga Bunga ng Unang Digmaang Pandaigdig		
1. Kasunduang Pangkapayapaan		
2. Mga Liga ng mga Bansa		
3. Mga Lihim na Kasunduan		

Gawain sa Pagkatuto Bilang 3: Gamiting gabay ang binasang teksto tungkol sa Kasunduang Pangkapayapaan at Liga ng mga Bansa upang makabuo ng mga ideya na isusulat sa **cloud callout**. Sikaping makabuo ng ideya na nagpapakita ng pagsisikap ng mga pinuno ng mga bansa na mawakasan ang Unang Digmaang Pandaigdig. Bigyang-pansin ang mga hakbang na kanilang ginawa upang wakasan ang digmaan. Gawin ito sa sagutang papel.



Gawain sa Pagkatuto Bilang 4: Bumuo ng 2-3 pangungusap upang ipaliwanag ang kahulugan ng bawat pahayag sa pamamagitan ng pag-uugnay nito sa paksang tinalakay. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

Pahayag	Paliwanag
1. “Ang United States ay lumahok sa digmaan upang gawing mapayapa ang mundo para sa demokrasya.” - Woodrow Wilson	
2. “Ang mga alitan ay dapat na lutasin hindi sa pamamagitan ng kumprehensiya kundi sa pamamagitan ng dugo at bakal.” - Otto van Bismarck	
3. “Lahat ng ilawan sa Europe ay nawalan ng liwanag, at hindi natin makikita ang kanilang pag-iilaw na muli sa loob ng mahabang panahon.” - Edward Grey	

E

Gawain sa Pagkatuto Bilang 6: Sa gawaing ito, bigyang pansin ang kasalukuyang kinakaharap ng ating bansa na may temang “**Bayan Ko, Iingatan ko, Pandemya, Lalabanan Ko!** Ipamalas ang sanhi o dahilan at ang bunga o epekto nito sa bawat isa. Pumili ng isa sa mga malikhaing paraan gaya ng tik-tok, vlog, digital art, news reporting , o spoken poetry, tula at talata. Isulat ito sa sagutang papel o ipasa sa pamamagitan ng **digital format** kung kakayanin.

A

Gawain sa Pagkatuto Bilang 7: Punan ang talata sa ibaba tungkol sa iyong mga natutuhan sa paksang aralin. Isulat ang iyong sagot sa sagutang papel.

1. Ang kolonyalismo at imperyalismo ay

2. Ang naging epekto ng Unang Digmaang Pandaigdig ay

Gawain sa Pagkatuto Bilang 8: Ibahagi ang iyong pangkalahatang pagkaunawa sa paksang aralin sa pamamagitan ng pagkumpleto ng dayagram. Gumamit ng sagutang papel.

3 pinakamahalagang impormasyon na natutuhan ko

2 bagay na nais ko pang matutuhan

1 natatanging aral na maaari kong isabuhay

Ang Ikalawang Digmaang Pandaigdig

Aralin

I

Sa nakalipas na aralin ay natalakay at naunawaan mo ang mga dahilan at pangyayaring nagbigay daan sa Unang Digmaang Pandaigdig at ang mga usapin ng mga bansang sangkot sa digmaan.

Sa araling ito ay malalaman mo ang mga mahahalagang pangyayaring naganap at bunga ng Ikalawang Digmaang Pandaigdig.

Tatalakayin din sa araling ito ang mga konseptong may kinalaman sa mga pangyayari, dahilan at bunga ng Ikalawang Digmaang Pandaigdig. Sa pagtatapos ng aralin ay inaasahang naibibigay ang konsepto na may kinalaman sa Ikalawang Digmaang Pandaigdig, natutukoy ang mahahalagang pangyayari sa Ikalawang Digmaang Pandaigdig at naiisa-isa ang mga dahilan at bunga ng Ikalawang Digmaang Pandaigdig.

Mga Sanhi ng Ikalawang Digmaang Pandaigdig

Hindi pa man lubusang nakababangon sa mga pinsala ng digmaan ang mga bansa sa daigdig, muling umigting ang mga hidwaan sa pagitan ng mga bansa. Dala na rin ito ng nagsimulang ambisyon ng mga makapangyarihang bansa na maipagpatuloy ang pananakop at pagpapalawak ng kanilang teritoryo.

Ang mga pangyayaring naganap at nagpasiklab ng Ikalawang Digmaang Pandaigdig ay ang sumusunod:

Pag-agaw ng Japan sa Manchuria

Noong 1931, inagaw ng Japan ang lunsod ng Manchuria. Kinondena ito ng Liga ng mga Bansa, sinabing mali ang ginawang paglusob nito. Kasunod ng pagkondena ay itiniwalag sa Liga ng mga Bansa ang Japan.

Pag-alis ng Germany sa Liga ng mga Bansa

Ang Germany naman ay tumiwalag sa Liga noong 1933 sapagkat ayon sa mga German, ang pag-alis at pagbabawal ng Liga sa paggamit ng sandata ng Germany ay isang paraan ng pag-aalis ng karapatang mag-armas. Matapos tumiwalag, pinasimulan ni Adolf Hitler, ang lider ng Nazi, ang muling pagtatatag ng sandatahang lakas ng bansa. Layon ni Hitler na labagin ang kasunduan sa Versailles na naglagay sa Germany sa kahiya-hiyang kondisyon. Upang makabangon sa pagkagapi sa Unang Digmaang Pandaigdig, binalak mabuti ni Hitler ang muling pananakop. Bilang sagot ng mga bansa sa paghahanda ng Germany, ang France ay nakipag-alyansa sa Russia laban sa Germany. Pinalimitahan naman ng England ang bilang o laki ng puwersa ng Germany. Ngunit sa kabila nito ay nagpadala pa rin sa SONA ang Germany.

Pagsakop ng Italy sa Ethiopia

Sa pamumuno ni Benito Mussolini, sinakop ng Italy ang Ethiopia noong 1935. Tuwirang nilabag ng Italy ang kasunduan sa Liga (**Covenant of the League**).

Digmaang Sibil sa Spain

Nagsimula ang digmaang sibil sa Spain noong 1936 sa pagitan ng dalawang panig: ang pasistang **Nationalist Front** at ang **Sosyalistang Popular Army**. Nanalo ang mga Nasyonalista. Marami ang nadamay sa digmaang sibil ng Spain dahil sa pakikialam ng ibang bansa.

Pagsasanib ng Austria at Germany (Anschluss)

Nais ng mamamayang Austriano na maisama ang kanilang bansa sa Germany. Ngunit ang pagsisikap na ito ay sinalungat ng mga bansang kasapi sa Allied Powers (France, Great Britain, at United States). Dahil sa kasunduan sa pagitan ng Italy at Germany na kinalabasan ng **Rome-Berlin Axis** noong 1936, ang pagtutol ni Mussolini sa nasabing union ng Austria at Germany ay pinawalang bisa noong 1938.

Paglusob sa Czechoslovakia

Noong Setyembre 1938, hinikayat ni Hitler ang mga Aleman sa Sudeten ng pagsikapan na matamo ang kanilang awtonomiya. Dahil dito, hinikayat ng England si Hitler na magdaos ng isang pulong sa Munich. Ngunit nasakop ni Hitler ang Sudeten at noong 1939, ang mga natitirang teritoryo sa Czechoslovakia ay napunta rin sa Germany.

Paglusob ng Germany sa Poland

Ang huling pangyayari na nagpasiklab sa Ikalawang Digmaang Pandaigdig ay ang pagpasok ng Germany sa Poland noong 1939. Ang pagpasok na ito ay pagbaligtad ng Germany sa Russia na kapwa pumirma sa kasunduang **Ribbentrop-Molotov**, isang kasunduan nang hindi pakikidigma.

Mga Bunga ng Ikalawang Digmaang Pandaigdig

Ang Ikalawang Digmaang Pandaigdig ay nagdulot ng malaking pagbabago sa kasaysayan ng daigdig. Malaki ang bilang ng mga namatay at nasirang ari-arian. Tinatayang halos animnapung bansa ang naapektuhan ng digmaan at higit na mas marami ang namatay kaysa sa Unang Digmaang Pandaigdig.


Natigil ang pagsulong ng ekonomiyang pandaigdig dahil sa pagkawasak ng agrikultura, industriya, transportasyon, at pananalapi ng maraming bansa. Bumagsak ang pamahalaang totalitaryang Nazi ni Hitler, Fascismo ni Mussolini, at Imperyong Japan ni Hirohito. Napagtibay ang simulaing **command responsibility** para sa pagkakasalang nagawa ng mga opisyal ng bayan at mga pinunong militar.

D

Gawain sa Pagkatuto Bilang 1: Punan ang talahanayan. Batay sa binasang teksto. Pangkatin ang mga bansang nasakop noong Ikalawang Digmaang Pandaigdig ayon sa sa mga pinunong sumakop sa kanila. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

HITLER	MUSSOLINI	TOJO

Gawain sa Pagkatuto Bilang 2: Isulat ang mahahalagang pangyayaring naganap sa Ikalawang Digmaang Pandaigdig sa mga piling lugar kung saan naganap ang digmaan . Isulat ang sagot sa sagutang papel.



Gawain sa Pagkatuto Bilang 3: Unawain ang talahanayan na may kaugnayan sa naging sanhi at bunga ng Ikalawang Digmaang Pandaigdig. Ipaliwanag ang mga salitang may kaugnayan sa mga pangyayari sa pamamagitan ng dalawa hanggang tatlong pangungusap. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

Pangyayari	Sanhi	Bunga
Covenant of the League		
Digmaang Sibil sa Spain		
Anschluss		

E

Gawain sa Pagkatuto Bilang 4: Batay sa iyong natutuhan at karaniwang nararanasan sa kasalukuyang panahon, maituturing mo bang isang digmaan ang ating kinakaharap na pandemya? Sumulat ng sanaysay bilang iyong sagot sa sagutang papel.

Gawain sa Pagkatuto Bilang 5: Basahin at suriing mabuti ang bawat pangungusap. Isulat ang **S** kung ang pahayag ay sanhi ng Ikalawang Digmaang Pandaigdig at **B** kung bunga. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

- ____ 1. Natigil ang pagsulong ng ekonomiyang pandaigdig dahil sa pagkawasak ng agrikultura, industriya, at transportasyon.
- ____ 2. Paglusob ng Germany sa Poland.
- ____ 3. Malaking bilang ng mga namatay at nasirang ari-arian.
- ____ 4. Bumagsak ang pamahalaang totalitaryang Nazi ni Hitler, Fascismo ni Mussolini, at Imperyong Japan ni Hirohito.
- ____ 5. Pag-alis ng Germany sa Liga ng mga bansa.

A

Gawain sa Pagkatuto Bilang 6: Punan ang talata sa ibaba tungkol sa iyong mga natutuhan tungkol sa paksang aralin. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

1. Ang naging epekto ng Ikalawang Digmaang Pandaigdig ay


2. Si Adolf Hitler ay isang pinunong

Gawain sa Pagkatuto Bilang 7: Ibahagi ang iyong pangkalahatang pagkaunawa sa paksang aralin sa pamamagitan ng pagkumpleto ng dayagram sa ibaba. Gawin ito sa sagutang papel.

3 pinakamahalagang impormasyon na natutuhan ko

2 bagay na nais ko pang matutuhan

1 natatanging aral na maaari kong isabuhay



Ang Mga Bansang Nagkakaisa (United Nations)

Aralin

I

Sa nakalipas na aralin ay natalakay at naunawaan mo ang mga konseptong may kinalaman sa mga pangyayari, dahilan, at bunga ng Ikalawang Digmaang Pandaigdig.

Sa araling ito ay malalaman at mauunawaan mo ang pagsisikap ng mga bansa na makamit ang kapayapaang pandaigdig at kaunlaran.

Matapos ang aralin, inaasahan na nalalaman ang katuturan ng pagkakatatag ng United Nations, naiisa-isa ang mga layunin ng mga bansang nagkakaisa at naibibigay ang mga sangay ng mga bansang nagkakaisa.

Ang mga Bansang Nagkakaisa (United Nations)



Noong mga unang buwan ng 1942, dalawampu't anim na bansang kakampi ng Allied Powers ang nagpulong sa Washington DC. Nagkaisa silang lahat na iisa ang kanilang ipinaglalaman: ang karapatang mabuhay at maging malaya ang bawat tao sa mundo. Umaasa silang kung makamit na nila ang katahimikan, lahat ng bansa ay sasali at makikiisa sa kanila upang

mapanatili ang kalayaan at kapayapaan.

Nagpulong ang mga **foreign minister** ng Russia, Great Britain, at US sa Moscow noong 1943 at napagdesisyunang magtatag ng isang samahang makapagpapatili ng kapayapaan. Nagkasundo sila na dapat ay maging mas matatag ito kaysa sa League of Nations. Kaya noong Abril 25, 1945, pormal na itinatag ang **United Nations Organization** sa San Francisco, USA. Isang charter ang nilagdaan ng limampung bansa at noong Oktubre 24, 1945, napagtibay ang United Nations.

Mga Layunin ng United Nations

1. Manatili ang kapayapaan
2. Maging maayos ang samahan ng bansa
3. Tumulong sa paglutas ng suliraning pandaigdig.
4. Pagsasaayos ng mga gawain ng mga bansa

Mga Sangay ng United Nations

General Assembly - pangunahing sangay ng United Nations na lahat ng kasaping bansa ay may kinatawan. Dito ginagawa ang lahat ng pagpupulong. Ito ang sangay tagapagbatas ng samahan.

Ang sumusunod ang tungkulin ng General Assembly:

- Nangangasiwa sa pagpapanatili ng kapayapaan sa daigdig katulad ng pagbibigay at pagtanggap ng rekomendasyon.
- Nagrekomenda ng kapangyarihan at katungkulan ng mga sangay ng United Nations.
- Naglalahad ng mga rekomendasyon upang maisaayos ang alitan ng mga bansa.
- Naghahalal ng mga kasapi ng Security Council, Trusteeship Council at Hukuman para sa International Court of Justice. Kabilang sa paghalal ng Secretary General sang-ayon sa Security Council.

2. Security Council- Sangay na may kapangyarihang pampulisya. Palagiang kasapi lamang ang kasapi rito tulad ng US, Great Britain, France at China. Ito ang sangay tagapagpaganap. Binubuo ng 11 kagawad na ang lima ay permanenteng miyembro, samantalang ang anim ay inihalal sa taning na panunungkulan na dalawang taon.


3. Secretariat- Ang pangkat ng mga tauhang pampangasiwaan ng UN na nagpapatupad sa mga gawain pang araw-araw.

4. International Court of Justice- Ang sangay na nagpapasya sa mga kasong may kinalaman sa alitan ng mga bansa.


5. Economic & Social Council (ECOSOC)- Binubuo ng 54 na kasaping bansa. Ito ang sangay na namamahala sa aspekto ng pangkabuhayan, panlipunan, pang-edukasyon, siyentipiko, at pangkalusugan ng daigdig.



Gawain sa Pagkatuto Bilang 1: Makikita sa ibaba ang semantic web. Isa-isahin ang layunin ng United Nations. Ilagay ang sagot sa kahon ng semantic web. Isulat ang sagot sa sagutang papel.



Gawain sa Pagkatuto Bilang 2: Ibigay ang sangay ng mga bansang nagkakaisa sa pamamagitan ng paglalagay nito sa bawat sinag ng araw na makikita sa ibaba. Isulat ang sagot sa sagutang papel.



Gawain sa Pagkatuto Bilang 3: Ibigay ang gampanin o tungkulin ng bawat sangay na nasa **Sinag-Araw-Arrow Organizer**. Isulat ang sagot sa sagutang papel

1. _____

4. _____

2. _____

5. _____

3. _____

6. _____

E

Gawain sa Pagkatuto Bilang 4: Isulat ang **T** kung tama ang isinasaad ng pahayag at **M** naman kung walang katotohanan. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

Nagpulong ang mga **foreign minister** ng Russia, Great Britain, at US sa Moscow noong 1943 at napagdesisyunang magtatag ng isang samahang makapagpapanatili ng kapayapaan. Nagkasundo sila na dapat ay maging mas matatag ito kaysa sa League of Nations. Kaya noong Abril 25, 1945 ay pormal na itinatag ang United Nations Organization sa San Francisco, USA.

1. Isang **charter** ang nilagdaan ng limampung bansa. Napagtibay noong Oktubre 24, 1945 ang United Nations.
3. Ang **Security Council** ay may kapangyarihang pampulisya. Palagiang kasapi lamang rito ang US, Great Britain, France at China.

4. Layunin ng **United Nations** na matalo ang **League of Nations** upang sila ang mamuno sa mga bansang kasapi nito.
5. Ang **General Assembly** ay binubuo ng limampu't apat na kasaping bansa. Ito ang sangay na namamahala sa aspekto ng pangkabuhayan, panlipunan, pang-edukasyon, siyentipiko, at pangkalusugan ng daigdig.

Gawain sa Pagkatuto Bilang 5. Sagutin ang sumusunod na katanungan batay sa iyong nararamdaman at saloobin. Isulat ang sagot sa sagutang papel

1. Sa iyong palagay, makabuluhan ba hanggang sa kasalukuyan ang United Nations? Suportahan ang iyong sagot.
2. Paano nakatutulong ang United Nations sa kasalukuyan?
3. Dapat ba na sikapin ng mga bansa na mapabilang dito? Bakit?
4. Sa palagay mo, ano ang dapat gawin sa mga bansang hindi sumusunod sa pinagkasunduan ng United Nations? Pangatwiran.

Gawain sa Pagkatuto Bilang 6. Sumulat ng isang liham pasasalamat sa United Nations para sa mga adhikain at programa nito na nakatuon sa pagpapanatili ng kapayapaan sa daigdig. Isulat ang liham sa sagutang papel.



Gawain sa Pagkatuto Bilang 7: Punan ang talata sa ibaba tungkol sa iyong mga natutuhan tungkol sa paksang aralin. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

Mahalaga ang papel ng United Nations sa daigdig dahil

Gawain sa Pagkatuto Bilang 8: Ibahagi ang iyong pangkalahatang pagkaunawa sa paksang aralin sa pamamagitan ng pagkumpleto ng dayagram sa ibaba. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

3 pinakamahalagang impormasyon na natutuhan ko

2 bagay na nais ko pang matutuhan

1 natatanging aral na maaari kong isabuhay

Mga Ideolohiyang Politik at Ekonomiko

Aralin

I

Sa nakalipas na aralin ay natalakay at naunawaan mo ang pagsisikap ng mga bansa na makamit ang kaunlaran at kapayapaang pandaigdig.

Sa araling ito ay malalaman at mauunawaan mo ang mga ideolohiyang politikal at ekonomiko sa hamon ng estabilisadong institusyon ng lipunan.

Ano ang ideolohiya?

Ang **ideolohiya** ay isang sistema o kalipunan ng mga ideya o kaisipan na naglalayong magpaliwanag tungkol sa daigdig at sa mga pagbabago nito. Galing ito sa salitang ideya o kaisipan na tuwirang sinusunod ng mga tao.

Ipinakilala ni **Desttutt de Tracy** ang salitang ideyolohiya bilang pinaikling pangalan ng agham ng mga kaisipan o ideya.

Kategorya ng Ideolohiya

A. Ideolohiyang Pangkabuhayan – nakasentro ito sa mga kayamanan para sa mamamayan. Nakapaloob dito ang mga karapatang makapag-negosyo, mamasukan, makapagtayo ng union, at magwelga kung hindi magkasundo ang kapitalista at manggagawa.

Mga Umiiral na Ideolohiyang Pangkabuhayan

- **Kapitalismo** - tumutukoy ito sa sistemang pangkabuhayan kung saan ang produksiyon at kalakalan ay kontrolado ng mga pribadong mangangalakal hanggang sa maliit na lamang ang papel ng pamahalaan sa mga patakarang pangkabuhayan. Ang mga bansang may sistemang kapitalismo ay ang USA at United Kingdom.
- **Sosyalismo** - isang doktrinang nakabatay sa patakarang pang-ekonomiya na ang pamamalakad ng pamahalaan ay nasa kamay ng isang pangkat ng tao. Ang mga bansa sa ilalim ng ideolohiyang ito ay ang Soviet Union at China.

Umusbong ang sosyalismo noong panahon ng Rebolusyong Industriyal na kinakitaan ng paghihirap at pang-aabuso sa mga manggagawa. Nagsimula ang sosyalismo bilang tugon sa hindi makatao, hindi pantay at hindi makatwirang relasyon ng **bourgeoisie** (middle class o panggitnang uri) o ang naghaharing uri ng mangangalakal at industriyalista at mga proletariat (manggagawa).

Naging pangunahing tugon ang sosyalismo sa mga problemang hatid ng ideolohiyang kapitalismo. Ang sistemang sosyalismo ay nakabatay sa pantay, sama-sama, at makataong pamamalakad.


- **Komunismo** - Sa ilalim ng komunismo, ang mga kagamitan sa produksiyon ay kolektibong pagmamay-ari at pinangangasiwaan ng lahat ng mamamayan. Pantay-pantay ang karapatan ng bawat isa.

Sa ideolohiyang ito rin ay pantay-pantay ang katayuan sa buhay at sama-samang nakikinabang sa produksiyon ng ekonomiya. Tinutuligsa rin sa sistemang ito ang maluhong, makasarili, at materyosong pamumuhay na umiiral sa kapitalismo.

Halimbawa ng mga bansang yumakap sa komunismo ay China, North Korea, Vietnam, at Cuba.

B. Ideolohiyang Pampolitika - Nakasentro naman ito sa paraan ng pamumuno at sa paraan ng pakikilahok ng mamamayan sa pamamahala. Ito ay mga pangunahing prinsipyong politikal at batayan ng kapangyarihang politikal. Karapatan ng mamamayan na bumuo at magpahayag ng opinyon at saloobin.

Mga Umiiral na Ideolohiyang Pampolitika sa Daigdig



Demokrasya - Ang kapangyarihan ng pamahalaan ay nasa kamay ng mga tao. Maaaring makilahok ang mamamayan nang tuwiran o di-tuwiran. Ang direct o tuwirang demokrasya ay nasasalamatin kung binoboto ng mamamayan ang gusto nilang mamuno sa pamahalaan. Ang Pilipinas ay nagpapatupad ng direktang demokrasya simula sa panahon ng panunungkulan ni Pangulong Corazon Aquino.

Samantala ang di-tuwirang demokrasya ay umiiral kung ang ibinoboto ng mamamayan ay mga kinatawan nila sa pamahalaan na siya namang pipili ng mga pinuno sa pamahalaan.



Awtoritarianismo - isang uri ng pamahalaan na ang namumuno ay may lubos na kapangyarihan. Makikita ito sa pamahalaan ng Iran, kung saan ang namumuno ay siya ring puno ng relihiyon ng estado.

Sa kabilang banda, mayroon ding tinatawag na konstitusyonal na awtoritarianismo na ang kapangyarihan ng namumuno ay itinakda ng Saligang-Batas. Ito ang tawag sa dating Pangulong Ferdinand Marcos sa kaniyang pamamahala sa Pilipinas sa ilalim ng Batas Militar noong 1972 hanggang sa mapatalsik siya noong Pebrero 1986.



Totalitarianismo - ang pamahalaang totalitaryan ay karaniwang pinamumunuan ng isang diktador o grupo ng taong makapangyarihan. Sa ilalim ng ganitong pamahalaan may ideolohiyang pinaniniwalaan at may partidong nagpapatupad nito.

Limitado ang karapatan ng mamamayan sa malayang pagkilos, pagsasalita, at pagtutol sa pamahalaan. Pati ang pagpapahayag ng relihiyon ay hindi lubusang sinasang-ayunan, ngunit hindi rin naman tahasang ipinagbabawal. Lahat ng desisyon tungkol sa pamamahala at kabuhayan ay nasa kamay din ng isang grupo o ng diktador. Nasa kamay ng pamahalaan ang pag-aari ng mga lupain, kayamanan ng bansa, at mga industriya. Halimbawa nito ang pamahalaan ni Adolf Hitler sa Germany at Benito Mussolini sa Italy.

Fascismo - kaisipang nakabatay sa paniniwalang napapailalim ang kapakanan ng mamamayan sa tunguhin at interes ng estado.

Isinusulong ng fascismo ang pagtatayo ng isang estadong pinamumunuan lamang ng isang Partido. Kontrolado ng Partido ang lahat ng uri ng mass media at gumagamit ng propaganda upang isulong ang interes ng partido at estado ang isang karismatiko at diktador na pinuno.

Tutol ang fascismo sa anumang uri ng oposisyon. Gumagamit ito ng iba't ibang uri ng represyon o pagsupil sa hindi sumasang-ayon sa pamamalakad nito.

C. Ideolohiyang Panlipunan - tumutukoy ito sa pagkakapantay-pantay ng mamamayan sa tingin ng batas at sa iba pang pangunahing aspeto ng pamumuhay ng mamamayan.

Mga Ideolohiyang Panlipunan na Umiiral sa Daigdig

Konserbatismo - lumaganap ang kaisipang ito noong Middle Ages nang lumaon ang pangunahing tagapagtaguyod ay si Edmund Burke (1729-1797), isang Irish na mambabatas, manunulat, at pilosopo.

Pangunahing katangian ng konserbatismo ang layuning mapanatili ang nananaig na kaayusan. Mas pinahahalagahan ng kaisipang ito ang tradisyon ng nakaraang henerasyon kaysa sa mga makabagong sistema na inaakala nito na walang malinaw na direksiyon at hindi inaasahang makatutugon sa mga kasalukuyang suliranin.

Ilan sa mga saligang prinsipyo ng konserbatismo ay kaayusan, pagkamakabayan, moralidad, at katapatan. Sa makabagong panahon, maituturing si dating punong ministro **Margaret Thatcher** ng United Kingdom na nagpairal ng konserbatismo.


Liberalismo – kinikilala ng liberalismo ang kakayahan ng isang indibidwal na makapag-ambag sa lipunan sa iba’t ibang paraan, kapasidad, at antas. Kinikilala rin nito ang kakayahan ng isang indibidwal na mapaunlad ang kaniyang sarili. Dalawang konsepto ang nakapaloob sa liberalismo:


1. Ang **utilitarianismo** na sumusuporta sa batayang prinsipyong “pinakamabuti para sa nakararami”.
2. Ang **laissez faire** na naniniwala na mas makabubuti sa pamilihan na maging malaya ito mula sa anumang anyo ng kontrol o manipulasyon ng pamahalaan at karapatang taglay ng kalalakihan.

D

Gawain sa Pagkatuto Bilang 1: Batay sa binasang teksto, ilagay sa loob ng kahon ang kahulugan ng salitang **Ideolohiya**. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

Gawain sa Pagkatuto Bilang 2: Punan ng impormasyon ang **data retrieval chart**. Isulat ang mga ideolohiya at katangian nito sa sagutang papel.





E

Gawain sa Pagkatuto Bilang 3: Sagutin ang sumusunod na katanungan batay sa iyong kaisipan, damdamin at saloobin. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

Pamprosesong Tanong:

1. Ano ang iba't ibang uri ng ideolohiyang iyong nalaman?
2. Anong mga bansa ang nagtaguyod ng mga ideolohiyang ito?
3. Paano nagkakaiba ang kanilang patakaran at katangian?
4. Sa mga ideolohiyang iyong nabasa, alin ang higit mong pinaniniwalaan? Bakit?
5. Anong ideyolohiya ang sa palagay mo ang nararapat pairalin sa Pilipinas? Pangatwiranan.

Gawain sa Pagkatuto Bilang 4: Magmuni tungkol sa iba't ibang mga pangyayari na ating kinakaharap sa kasalukuyan. Gamit ang isang scenario sa pang-araw-araw na pamumuhay, ipaliwanag ang pagkakaugnay-ugnay ng mga ideolohiyang pangkabuhayan, pampulitika, at panlipunan. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

A

Gawain sa Pagkatuto Bilang 5: Punan ang talata sa ibaba tungkol sa iyong mga natutuhan tungkol sa paksang aralin. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

1. Ang ideolohiya ay may malalim na papel sa daigdig dahil

2. Mahalagang maunawaan ang pagkakaiba iba ng mga ideolohiya dahil

Gawain sa Pagkatuto Bilang 6: Ibahagi ang iyong pangkalahatang pagkaunawa sa paksang aralin sa pamamagitan ng pagkumpleto ng dayagram sa ibaba. Gawin ito sa sagutang papel.

3 pinakamahalagang impormasyon na natutuhan ko

2 bagay na nais ko pang matutuhan

1 natatanging aral na maaari kong isabuhay

Epekto ng Ideolohiya, Cold War at Neokolonyalismo sa Iba't Ibang Panig ng Daigdig

I

Aralin

Sa nakaraang aralin ay natalakay ang mga ideolohiyang pampulitika at ekonomiko sa hamon ng estabilisadong institusyon ng lipunan.

Mauunawaan mo sa araling ito ang iba't ibang ideolohiyang umiral sa daigdig. Bibigyang-pansin din ang mga dahilan ng pagkakaroon ng **Cold War** at Neokolonyalismo at ang impluwensiya nito sa mga bansang hindi pa maunlad at papaunlad pa lamang.

Sa aralin ding ito ay inaasahan na makapagbibigay ng sariling pananaw tungkol sa mga nakapaloob na isyu at mauunawaan mo ang naging epekto ng iba't ibang ideolohiya, cold war, at neokolonyalismo sa kaunlaran ng mga bansang papaunlad pa lamang.

Ang Pagsilang ng Komunismo sa Rusya

Nag-ugat ang ideolohiyang komunismo sa Rusya noong panahon ng mga Tsar. Ayon sa nasusulat sa kasaysayan, ang Rusya sa ilalim ng Tsar ay naging makapangyarihan subalit ang mga namumuno ay naging despotic. Noong Marso 1917, ang Dinastiyang Romano ay bumagsak bunga ng hindi maiwasang himagsikan. Ilan sa mga dahilan ng kaguluhang ito ay ang sumusunod:

1. **Politikal** - Ang pamahalaan ay awtokratiko, bulagsak at mahina. Hindi sila nagbigay ng pantay-pantay na karapatan sa mga tao.
2. **Pangkabuhayan** - Mahirap at makaluma ang kalagayan at pamamaraan ng pagsasaka. Walang kalayaan at maliit ang sahod ng manggagawa.
3. **Sosyal** - Kakaunti lamang ang mga kalayaang sosyal. Lahat ay pinilit na sumunod sa pananampalatayang Orthodox.

Sapilitang pinalaganap ang wikang Ruso sa mga minorityang kultural tulad ng mga Poles, Hudeo, taga-Finland at mga taga-Baltic. Dumating sa Petrograd ang ilan sa mga lider na Bolshevik, kabilang sina **Vladimir Lenin**, **Leon Trotsky** at **Joseph Stalin**.



Nakuha ni **Lenin** ang pagtitiwala ng mga tao dahil sa programang pag-aangkin ng pamahalaan sa lahat ng mga pagawaan. Ang kaniyang panawagan, "kapayapaan, lupain, at tinapay". Sa tulong nina Trotsky at Stalin, binalak ni Lenin na magkaroon ng Pamahalaang Komunismo base sa mga prinsipyo ni Karl Marx.

Noong Nobyembre 1917, naghimagsik ang mga **Bolshevik** sa Petrograd at bumagsak ang pansamantalang pamahalaan ni Kerensky. Tumakas itong huli at pagkatapos ay itinatag na ni Lenin ang pamahalaang Komunismo na una niyang pinamunuan.

Ang Paglaganap ng Komunismo

Mula taong 1917 hanggang 1920, nagkaroon ng mga labanan sa pagitan ng mga **Red Army** ng mga Bolshevik at ng mga **White Army** ng mga konserbatibo na dating tagasunod ng Tsar. Dala ng galit sa dating pamahalaan, nasupil ng mga Red Army ang mga White Army.

Noong 1920, napasailalim ng Komunista ang buong Rusya. Ipinalalagay ni Lenin na kailangan ang dahas at pananakop para maitatag ang "Diktadurya ng mga Manggagawa." Ang estadong naitatag nila ay tinawag na **Union Soviet Socialist Republic o USSR**.

Pagsilang ng Fascismo sa Italy

Sa Italy, ibang ideolohiya naman ang namayani. Tinawag itong Fascismo.

Mga kondisyong nagbibigay-daan sa Fascismo sa Italy ang sumusunod:

1. **Nasyonalismo** - Hindi nasiyahan ang mga Italyano sa resulta ng Unang Digmaang Pandaigdig gayong nabigyan naman ito ng bahagi sa mga pabuyang digmaan.
2. **Paghihirap sa Kabuhayan** - Dahil sa Unang Digmaang Pandaigdig, nagkulang sa pagkain at maraming pangangailangan sa Italy. Tumaas ang halaga ng mga bilingin. Iginawad ng pamahalaan ang mataas na buwis upang mabayaran ang malaking pagkakautang ng bansa bunga ng digmaan. Marami ang nawalan ng trabaho sapagkat nasira ng digmaan ang mga sakahan at pagawaan.
3. **Kahinaan ng Pamahalaan** - Hindi nakayanan ng pamahalaan na lutasin ang mga suliranin ng bansa. Pinalala pa ng pagkakaroon ng mahinang opisyal sa pamahalaan. Bunga nito, nawalan ng saysay ang mga tradisyong demokratiko pati na ang mga tao sa kanilang demokratikong institusyon. Noong 1920, inagaw ng mga manggagawa ang tradisyong demokratiko. Nawala rin ang tiwala ng mga magsasaka sa mga may-ari ng lupa kaya inagaw nila ang mga lupain. Ang kapayapaan ay naibalik ng mga Fascista, isang samahang itinatag ni Benito Mussolini na dating sosyalista at editor ng pahayagan.

Ang Pananaw sa Cold War

Ang United States at Unyong Sobyet ay naging makapangyarihang bansa matapos ang Ikalawang Digmaang Pandaigdig. Hindi naging mabuti ang ugnayan ng mga bansang ito na kapwa tinatawag na superpower. Nauwi ito sa **Cold War** na bunga ng matinding kompetensiya ng mga bansa noong 1940 hanggang 1990. Hindi lamang tunggalian sa kapangyarihan kundi pati na sa ideolohiya ang dahilan nito.

Ang **United States** ang nagtaguyod ng demokrasya at kapitalismo samantalang ang **Unyong Sobyet** ay kumatawan sa sosyalismo at komunismo. Malaki ang naging papel ng Estados Unidos bilang pinakamakapangyarihang kapitalista sa pagsasaayos ng daigdig matapos ang Ikalawang Digmaang Pandaigdig. Upang mapigil nito ang paglaganap ng sosyalismo at komunismo ng USSR, gumawa ito ng iba't ibang hakbang. Sa pamamagitan ng Marshall Plan, tiniyak ng United States ang pagbangon ng kanlurang Europa bilang kapanalig sa kanluran.

Ang **United States** ang nagtaguyod ng demokrasya at kapitalismo samantalang ang **Unyong Sobyet** ay kumatawan sa sosyalismo at komunismo. Malaki ang naging papel ng Estados Unidos bilang pinakamakapangyarihang kapitalista.

Sanhi ng Cold War

Ang Estados Unidos at Unyong Sobyet ay dating magkakampi at kasama sa mga bansang nagtatag ng “Nagkakaisang mga Bansa”. Ngunit dumating ang pagkakataong sila ay nagkaroon ng Cold War o hindi tuwirang labanan. May mga pangyayaring namagitan sa kanila at lumikha ng tension dahil sa pagkakaiba ng ideolohiyang kanilang pinaniniwalaan.

Ang Estados Unidos ang pangunahing bansang demokratiko, samantalang ang Unyong Sobyet ay komunista. Ang kanilang sistemang politikal ay nakaapekto sa maraming bansa. Upang mapanatili ng Unyong Sobyet ang kapangyarihan sa Silangang Europa, pinutol nito ang pakikipag-ugnayan sa mga kanluraning bansa. Naputol ang kalakalan, limitado ang paglalakbay, bawal ang pahayagan, magasin, aklat, at programa sa radyo. Ito ang tinagurian ni Winston Churchill na **Iron Curtain** o pampulitikang paghahati sa pagitan ng Soviet Bloc at taga-Kanluran. Lalo pang umigting ang di-pagkakaunawaan dahil sa kawalan ng bukas na kalakalan ng mga bansang ito.

Noong taong 1945, hiniling ni Stalin na magtayo ng base militar sa bahagi ng **Black Sea** at **Aegean**. Bahagi ito ng pagpapalawak ng Unyong Sobyet. Bilang tugon sa nagpalabas noong taong 1947 ng patakarang **Truman Doctrine** si **Harry S. Truman**, pangulo ng Estados Unidos.

Mga Naging Epekto ng Cold War

Binuo ang **International Monetary Fund (IMF)** upang ayusin ang daloy ng malayang kalakalan sa mundo. Kasabay ring inayos ang **International Bank for Rehabilitation and Reconstruction (IBRR) o World Bank** upang tumulong sa gawaing rehabilitasyon at rekonstruksyon.



Dahil sa Cold War, umigting ang di-pagkakaunawaang pampolitika, pangmilitar, at kalakalan ng mga bansa. Bumaba ang moral ng mga manggagawa ng Unyong Sobyet na nagdulot ng malaking suliraning pang-ekonomiya. Nakagawa ito ng unang submarino na pinatatakbo ng puwersang nukleyar, ang **USS Nautilus**. Hindi lamang sa gamit pandigma ginagamit ng US ang lakas atomika pati sa panahon ng kapayapaan.

Ginagamit ito sa medisina, agrikultura, transportasyon, at komunikasyon.

Noong Hulyo 10, 1962, pinalipad sa kalawakan ang **Telstar**, isang pangkomunikasyong satellite. Sa pamamagitan nito, maaari nang makatanggap ng tawag sa telepono at makakita ng palabas sa telebisyon mula sa ibang bansa. Naunahan ng Unyong Sobyet (USSR) ang United States (US) sa pagpapadala ng sasakyang pangkalawakan.

Sinimulan ng paglipad ng **Sputnik I** noong Oktubre 1957 ang Panahon ng Kalawakan (Space Age). Una ring nagpadala ng tao sa kalawakan ang USSR, si **Yuri Gagarin** na unang cosmonaut na lumigid sa mundo, sakay ng **Vostok I** noong taong 1961. Ngunit nahigitan pa ng US ang USSR nang nakaikot sa mundo nang tatlong beses noong taong 1962 si **John Glenn Jr.** sa sasakyang **Friendship 7**.

Neokolonyalismo: Pamamaraan o Sangkap Nito

Tumutukoy ang **neokolonyalismo** sa patuloy na impluwensiyang pang-ekonomiya at panlipunan ng mga mananakop sa mga bansang dati nilang kolonya, bagamat wala silang tuwirang militar o politikal na kontrol sa mga ito. Itinuturing ang neokolonyalismo na bago at ibang uri ng pagsasamantala sa mahirap na bansa.

Ayon sa mga agham-politika, ito ang pananatili ng kontrol ng isang dating kolonyalista sa dati nitong kolonya. Malumanay at patago ang pamamaraang ito. Layunin nitong patatagin ang pamumuhunan ng kolonyalistang bansa, pigilan ang pagkamit ng tunay na kalayaan, at kunin ang mas malaking kita sa negosyo. Isa sa maituturing na pinakamahalagang sangkap ng sistemang neokolonyalismo ay ang pagkakaroon nito ng makabagong pamamaraan sa pamumuhunang industriyal at pinansyal.

Mga Pamamaraan at Uri ng Neokolonyalismo

1. Pang-ekonomiya- Naisasagawa ang neokolonyalismo sa pamamagitan ng pakunwaring tulong sa pagpapaunlad ng kalagayang pangkabuhayan ng isang bansa, ngunit sa katotohanan ay nakatali na ang bansang tinutulungan sa patakaran at motibo ng bansang tumutulong.

2. Pangkultura- Sa pamamaraang ito, nababago ng neokolonyalismo ang pananaw ng tinutulungang bansa sa mga bagay na likas na angkin nito. Bunga ng kulturang dala ng dayuhang tumutulong o bansang dayuhan, nababago ang pinahahalagahan ng mamamayan ng tinutulungang bansa sa pananamit, babasahin, maging sa pag-uugali. Halimbawa, itinuro ang kabihasan, kasaysayan at wika ng mga Amerikano kaya naapektuhan ang sariling kalinangan pati na ang paggamit ng sariling wika.

3. Dayuhang Tulong o Foreign Aid—Isa pang instrumento ng neokolonyalismo ang nakapaloob sa dayuhang tulong o **“foreign aid”** na maaaring pang-ekonomiya, pangkultura o pangmilitar. Sa una ay maiisip na walang kondisyon ang pagtulong tulad ng pamimigay ng gatas sa mga bata o pamamahagi ng mga aklat. Ngunit kung titingnang mabuti, may kapalit ang **“libreng”** pagtulong. Nagbebenta ang bansang tumulong ng mga **“imported”** na produkto sa bansang tinulungan kaya bumabalik rin sa kanya ang malaking tubo ng kaniyang puhunan.

4. Dayuhang Pautang o Foreign Debt— anumang pautang na ibigay ng **International Monetary Fund** (IMF/World Bank) ay laging may kaakibat na kondisyon. Kabilang dito ang pagbubukas ng bansang pinaautang sa dayuhang pamumuhunan at kalakalan, pagpapababa ng halaga ng salapi at pagsasaayos ng sistema ng pagbubuwis. Kung hindi susundin ang mga kondisyon, hindi makauutang ang umuutang na bansa. Dahil dito, hindi rin makaahon sa utang ang mahihirap na bansa. **Debt trap** ang tawag dito.



Gawain sa Pagkatuto Bilang 1: Batay sa binasang teksto, bigyan ng kahulugan ang mga sumusunod na salita. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

Mga Ideya


Cold War

Neokolonyalismo

Komunismo

Fascismo

Gawain sa Pagkatuto Bilang 2: Balikan ang mga naging pangyayari sa Panahon ng Cold War. Sagutan ang flow chart na tutukoy sa naging epekto ng Cold War at ilang mga detalye tungkol dito. Isulat ang sagot sa sagutang papel.



Gawain sa Pagkatuto Bilang 3: Mula sa binasang teksto, alamin kung anong ideolohiya ang namayani sa mga bansang natalakay. Ilagay sa ikatlong kolumn ang naging bunga ng ideolohiya sa bansang ito. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

Bansa	Ideolohiya	Naging Epekto ng Ideolohiya sa Bansa
Estados Unidos		
Russia		
Italy		



Gawain sa Pagkatuto Bilang 4: Sagutan ang bawat tanong ng angkop na kasagutan. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

1. Batay sa naging kahulugan at konsepto ng neokolonyalismo, anong pangyayari sa kasalukuyan ang masasabi mong may kaugnayan dito? Patunayan ang iyong sagot at magbigay ng halimbawa.
2. Magbigay ng limang epekto ng neokolonyalismo sa ating bansa sa kasalukuyan.

Gawain sa Pagkatuto Bilang 5: Basahin ang bawat pangungusap at tukuyin ang tamang sagot. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

1. Ito ang pananatili ng pagkontrol ng isang dating kolonyalista sa dati nitong kolonya. _____.
2. Itinuturing na unang Cosmonaut na lumigid sa mundo sakay ng Vostok I noong taong 1961. _____.
3. Ito ay tumutukoy sa pagkaputol ng kalakalan, limitado ang paglalakbay, bawal ang pahayagan at magasin at programa sa radio na binanggit ni Winston Churchill sa pagitan ng Soviet Bloc at taga-kanluran.
_____.
4. Ito ang tawag sa hindi tuwirang labanan ng Union Soviet at United States dahil sa pagkakaiba ng ideolohiya. _____.
5. Ito ang unang submarine na pinatakbo ng Nuclear Force ng U.S.
_____.



Gawain sa Pagkatuto Bilang 6: Punan ang talata sa ibaba tungkol sa iyong mga natutuhan tungkol sa paksang aralin. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

1. Ang naging epekto ng pagsilang komunismo sa Rusya ay ang mga

2. Ang Cold War ay

Gawain sa Pagkatuto Bilang 7: Ibahagi ang iyong pangkalahatang pagkaunawa sa paksang aralin sa pamamagitan ng pagkumpleto ng dayagram sa ibaba. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

3 pinakamahalagang inormasyon na natutuhan ko

2 bagay na nais ko pang matutuhan

1 natatanging aral na maaari kong isabuhay

Ang Pandaigdigang Organisasyon, Pangkat at Alyansa

I

Aralin

Binabati kita sa matagumpay mong pagkakamit ng mahahalagang kaalaman tungkol sa mga ideolohiya at epekto ng neokolonyalismo sa nakaraang aralin. Ngayon, pag-aaralan mo ang bahaging ginampanan ng mga pandaigdigang organisasyon, pangkat, at alyansa sa pagsusulong ng pandaigdigang kapayapaan, pagkakaisa, pagtutulungan, at kaunlaran.

Sa pagtatapos ng aralin, inaasahang naipapakita at napahahalagahan mo ang mga papel at bahaging ginampanan ng mga organisasyon upang maisulong at makamit ang pandaigdigang kapayapaan.

Ang mga Pandaigdigang Organisasyon

Bukod sa United Nations marami pang organisasyong pandaigdig ang nabuo na may layuning pagbigkisin ang mga bansa upang matamo ang pandaigdigang kapayapaan at kaunlaran. Basahin at unawaing mabuti ang nilalaman ng kasunod na teksto na patungkol sa pagkakatag at layunin ng ilang mga organisasyong pandaigdig.

European Union (EU)

Ang Unyong Europeo ay isang pang-ekonomiko at pampolitikal na unyon ng dalawampu't-pitong malalayang bansa. Ito ang pinakamalaking kompederasyon ng mga malayang estado na itinatag noong taong 1992. Ang mga aktibidad ng Unyong Europeo ay sumasakop sa patakarang publiko, patakarang ekonomika sa ugnayang panlabas, tanggulan, pagsasaka at kalakalan.

Organization of American States (OAS)

Ang Samahan ng mga Estadong Amerikano ay isang pandaigdigang samahan na nakabase sa Washington, D.C., Estados Unidos. Mayroon itong tatlung limang kasaping nagsasariling estado ng Amerika. Layunin nitong makamit ang kapayapaan at hustisya at itaguyod ang pagkakaisa ng mga estadong kasapi, patatagin ang kanilang pagtutulungan, pangalagaan ang kanilang awtonomiya, ang kanilang teritoryo, at ang kanilang Kalayaan.

Organization of Islamic Cooperation (OIC)

Ang OIC ay isang internasyonal na organisasyon ng limampu't pitong estado. Ito ay samahan ng mga bansang Muslim na naglalayong siguruhin at protektahan ang interes mula sa pamamagitan ng pagsusulong ng kapayapaang pandaigdig at pagkakaunawaan.

Association of Southeast Asian Nations (ASEAN)

Ang Kapisanan ng mga Bansa sa Timog-Silangang Asya o kilala bilang ASEAN ay isang organisasyong heopolitikal, ekonomikal, at pangkultura ng mga bansa sa Timog-Silangang Asya. Ang mga layunin ng samahang ito ay maitaguyod ang paglago ng ekonomiya at kaunlarang panlipunan.

Iba pang mga Pandaigdigang Organisasyon

World Bank

Ang World Bank ay isang pandaigdigang bangko na nagbibigay ng tulong-pananalapi at teknikal sa mga bansang umuunlad para sa mga programang pangkaunlaran tulad ng mga tulay, kalsada, paaralan, at iba pa na may layunin ng pagpapababa ng antas ng kahirapan.

International Monetary Fund (IMF)

Ang International Monetary Fund ay isang organisasyong internasyunal na pinagkatiwalaang mamahala sa pandaigdigang sistema sa pananalapi sa pamamagitan ng pagmasid sa mga halaga ng palitan at balanse ng mga kabayaran at ang pag-alok ng teknikal at pinasyal na tulong kapag hiningi.

World Trade Organization (WTO)

Ang World Trade Organization ay isang organisasyong pandaigdig na itinatag upang mapamanihalaan at magbigay ng kalayaan sa kalakalang pang-internasyunal. Ang WTO ay nabuo noong Enero 1, 1995, kahalili ng Pangkalahatang Kasunduan sa mga Taripa at Kalakalan (GATT).

ASEAN Free Trade Area (AFTA)

Ang Sonang Malayang Kalakalan ng ASEAN (AFTA) ay isang kasunduan ng hanay na pangkalakalan ng Kapisanan ng mga Bansa sa Timog-Silangang Asya na nagtataguyod ng mga pampagawaang pampook (local manufacturing) sa lahat ng mga bansa sa ASEAN.


Ang mga tahasang mithiin ng AFTA ay makamit ang sumusunod: palakihin ang hangganang pagkainaman bilang batayang pamproduksyon sa pandaigdigang pamilihan sa pamamagitan ng pag-aawas, sa loob ng ASEAN, ng mga salabid ng taripa at walang-taripa, at akitin ang maraming panlabas na tuwirang pamumuhunan sa ASEAN.

North American Free Trade Agreement (NAFTA)

Ito ay isang kasunduan na nilagdaan ng Canada, Mexico, at United States na lumilikha ng **trilateral trade bloc** sa North America. Ito ay nabigyang bisa noong taong 1994 na nagbigay-daan sa pagkakabuo ng isang trade bloc na maituturing na may pinakamataas na pinagsama-samang **purchasing power parity** sa GDP.

D

Gawain sa Pagkatuto Bilang 1: Batay sa tekstong nabasa, punan ng mga datos o impormasyon ang concept map sa ibaba. Isulat ang sagot sa sagutang papel.




Gawain sa Pagkatuto Bilang 2: Balikan ang mga binasang teksto at sagutin ang tsart na nasa ibaba ng angkop na mga datos. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

Pandaigdigang Organisasyon	Layunin
European Union	
Organization of American States	
World Bank	
ASEAN	
World Trade Organization	
International Monetary Fund	
ASEAN Free Trade Area	

E

Gawain sa Pagkatuto Bilang 3: Tukuyin ang mga watawat na ginagamit ng ilang Pandaigdigang Organisasyon. Isulat ang sagot sa sagutang papel.



Gawain sa Pagkatuto Bilang 4: Suriin at lagyan ng tsek (/) kung ang organisasyon ay nagsusulong ng **Unity, Peace** o **Development**. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

Pandaigdigang Organisasyon	Unity	Peace	Development
European Union			
Organization of American States			
World Bank			
ASEAN			
World Trade Organization			



Gawain sa Pagkatuto Bilang 5: Punan ang talata sa ibaba tungkol sa iyong mga natutuhan tungkol sa paksang aralin. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

1. Ang pangunahing layunin ng mga Pandaigdigang Organisasyon ay ang


2. Ang ASEAN ay isang pandaigdigang organisasyon na nakatutulong sa mga bansang kasapi nito dahil

Gawain sa Pagkatuto Bilang 6: Ibahagi ang iyong pangkalahatang pagkaunawa sa paksang aralin sa pamamagitan ng pagkumpleto ng dayagram sa ibaba. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

3 pinakamahalagang impormasyon na natutuhan ko

2 bagay na nais ko pang matutuhan

1 natatanging aral na maaari kong isabuhay



Susi sa Pagwawasto

Weeks 3-4

- Gawain sa Pagkatuto 5:
1. B
 2. S
 3. B
 4. B
 5. S


Week 5

- Gawain sa Pagkatuto 2:
(In order)
1. General Assembly
 2. Security Council
 3. Secretariat
 4. International Court of Justice
 5. Economic and Social Council

- Gawain sa Pagkatuto 4:
(In order)
1. T
 2. T
 3. T
 4. M
 5. M

Week 7

- Gawain sa Pagkatuto 5:
(In order)
1. Neokolonyalismo
 2. Yuri Gagarin
 3. Iron Curtain
 4. Cold War
 5. USS Nautilus



PIVOT Assessment Card for Learners

Personal na Pagtatása sa Lebel ng Performans para sa Mag-aaral

Pumili ng isa sa mga simbolo sa ibaba na kakatawan sa iyong naging karanasan sa pagsasagawa ng mga gawain. Ilagay ito sa Hanay ng LP o Lebel ng Performans. Basahin ang deskripsiyon bilang gabay sa iyong pagpili.



- ★ -Nagawa ko nang mahusay. Hindi ako nahirapan sa pagsasagawa nito. Higit na nakatulong ang gawain upang matutuhan ko ang aralin.
- ✓ -Nagawa ko nang maayos. Nahirapan ako nang bahagya sa pagsasagawa nito. Nakatulong ang gawain upang matutuhan ko ang aralin.
- ? -Hindi ko nagawa o nahirapan ako nang labis sa pagsasagawa nito. Hindi ko naunawaan ang hinihingi sa gawain. Kailangan ko pa ng paglilinaw o dagdag kaalaman upang magawa ko ito nang maayos o mahusay.

Gawain sa Pagkatuto

Week 1	LP	Week 2	LP	Week 3	LP	Week 4	LP
Gawain sa Pagkatuto Blg. 1		Gawain sa Pagkatuto Blg. 1		Gawain sa Pagkatuto Blg. 1		Gawain sa Pagkatuto Blg. 1	
Gawain sa Pagkatuto Blg. 2		Gawain sa Pagkatuto Blg. 2		Gawain sa Pagkatuto Blg. 2		Gawain sa Pagkatuto Blg. 2	
Gawain sa Pagkatuto Blg. 3		Gawain sa Pagkatuto Blg. 3		Gawain sa Pagkatuto Blg. 3		Gawain sa Pagkatuto Blg. 3	
Gawain sa Pagkatuto Blg. 4		Gawain sa Pagkatuto Blg. 4		Gawain sa Pagkatuto Blg. 4		Gawain sa Pagkatuto Blg. 4	
Gawain sa Pagkatuto Blg. 5		Gawain sa Pagkatuto Blg. 5		Gawain sa Pagkatuto Blg. 5		Gawain sa Pagkatuto Blg. 5	
Gawain sa Pagkatuto Blg. 6		Gawain sa Pagkatuto Blg. 6		Gawain sa Pagkatuto Blg. 6		Gawain sa Pagkatuto Blg. 6	
Gawain sa Pagkatuto Blg. 7		Gawain sa Pagkatuto Blg. 7		Gawain sa Pagkatuto Blg. 7		Gawain sa Pagkatuto Blg. 7	
Gawain sa Pagkatuto Blg. 8		Gawain sa Pagkatuto Blg. 8		Gawain sa Pagkatuto Blg. 8		Gawain sa Pagkatuto Blg. 8	
Week 5	LP	Week 6	LP	Week 7	LP	Week 8	LP
Gawain sa Pagkatuto Blg. 1		Gawain sa Pagkatuto Blg. 1		Gawain sa Pagkatuto Blg. 1		Gawain sa Pagkatuto Blg. 1	
Gawain sa Pagkatuto Blg. 2		Gawain sa Pagkatuto Blg. 2		Gawain sa Pagkatuto Blg. 2		Gawain sa Pagkatuto Blg. 2	
Gawain sa Pagkatuto Blg. 3		Gawain sa Pagkatuto Blg. 3		Gawain sa Pagkatuto Blg. 3		Gawain sa Pagkatuto Blg. 3	
Gawain sa Pagkatuto Blg. 4		Gawain sa Pagkatuto Blg. 4		Gawain sa Pagkatuto Blg. 4		Gawain sa Pagkatuto Blg. 4	
Gawain sa Pagkatuto Blg. 5		Gawain sa Pagkatuto Blg. 5		Gawain sa Pagkatuto Blg. 5		Gawain sa Pagkatuto Blg. 5	
Gawain sa Pagkatuto Blg. 6		Gawain sa Pagkatuto Blg. 6		Gawain sa Pagkatuto Blg. 6		Gawain sa Pagkatuto Blg. 6	
Gawain sa Pagkatuto Blg. 7		Gawain sa Pagkatuto Blg. 7		Gawain sa Pagkatuto Blg. 7		Gawain sa Pagkatuto Blg. 7	
Gawain sa Pagkatuto Blg. 8		Gawain sa Pagkatuto Blg. 8		Gawain sa Pagkatuto Blg. 8		Gawain sa Pagkatuto Blg. 8	

Paalala: Magkaparehong sagot ang ilalagay sa LP o Lebel ng Performans sa mga gawaing nakatakda ng higit sa isang linggo o week. Halimbawa: Ang aralin ay para sa Weeks 1-2, lalagyan ang hanay ng Week 1 at Week 2 ng magkaparehong ★, ✓, ?.




Sanggunian

Blando, R. C, Mercado, M. M, Cruz, Alvin M, et.al. (2014). *Araling Panlipunan—Modyul sa mag aaral 4. (1)*, Pasig City: Vibal Group, Inc.

Department of Education. (2014). *Araling Panlipunan 4*. Pasig City: Department of Education-Instructional Materials Council Secretariat.

Department of Education. (2014). *Project EASE- Araling Panlipunan III*. Pasig City: Department of Education.



Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:

Department of Education Region 4A CALABARZON

Office Address: Gate 2, Karangalan Village, Cainta, Rizal

Landline: 02-8682-5773, locals 420/421

<https://tinyurl.com/Concerns-on-PIVOT4A-SLMs>

